# NARITO NA ANG PANAHON NG WILDFIRE

## IHANDA NA NGAYON ANG IYONG SAMBAHAYAN



SDGE™ | & KALIGTASAN MULA SA WILDFIRE

# NANININDIGAN KAMI PARA SA IYONG KALIGTASAN

Sa mga nakaraang taon, naranasan ng California ang ilan sa mga pinakamapangwasak na wildfire na nangyari. Ginagawa ng SDG&E® ang lahat ng pagsisikap upang makatulong na protektahan ang rehiyon laban sa banta ng mga wildfire. Ang kaligtasan ng aming mga customer, empleyado at komunidad ang pinakahigit naming priyoridad, kung kaya naman patuloy naming pinapabuti at pinapalakas ang aming mga kasalukuyang kagamitan at istruktura.

**MAHIGIT SA**
**100**
camera ang sumusubaybay sa lagay ng panahon at mga sunog.

**MAHIGIT SA**
**220**
istasyon sa lagay ng panahon ang nagbibigay ng mga interpretasyon ng bilis ng hangin, kahalumigmigan at temperatura.

**26,000**
kahoy na poste ng kuryente ang na-upgrade sa mga posteng bakal na resistant sa sunog.

**455,000**
puno na malapit sa mga linya ng kuryente ng SDG&E ang nasiyasat at naputol.

**33**
drone ang nagsasagawa ng panghimpapawid na pag-inspeksyon sa mga linya ng kuryente at gas sa buong taon.

**6**
na helicopter ang tumutulong sa kaligtasan mula sa wildfire at pagpapatrolya sa mga linya ng kuryente.

**Hindi kami titigil sa mga ito.** Kung mayroong mga mapanganib na kondisyon, maaari naming patayin ang kuryente upang mapanatili ang kaligtasan mo at ng iyong komunidad. Ito ay tinatawag na **Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoff, PSPS).**. Nilalayon sa mga karagdagang pagpapaunlad para sa kaligtasan mula sa sunog na bawasan ang mga epekto sa customer at ang potensyal na pagsisimula ulit ng wildfire.

# ANO ANG PAGPATAY NG KURYENTE PARA SA KALIGTASAN NG PUBLIKO?

Sinusubaybayan ng SDG&E ang mga kondisyon na may mataas na posibilidad ng sunog. Kabilang sa mga ito ang, pero hindi limitado sa:

**MALAKAS NA HANGIN**
(Kabilang ang mga Red Flag na babala)


**MABABANG KAHALUMIGMIGAN**

**MGA TUYONG HALAMANAN**
na maaaring magsilbing panggatong

**BANTA NG SUNOG**
sa imprastraktura ng kuryente

**MGA PAG-OBSERBA MULA SA GROUND**

**PANGANIB SA KALIGTASAN NG PUBLIKO**



Kung mayroong mga mapanganib na kondisyon, maaari naming patayin ang kuryente bilang huling paraan upang mapanatili ang kaligtasan mo at ng iyong komunidad.



Upang matuto pa tungkol sa mga Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko, bisitahin ang **sdge.com/wildfire-safety**.

# PAANO PINAGPAPASYAHAN ANG PAGPATAY NG KURYENTE PARA SA KALIGTASAN NG PUBLIKO?

## Proseso ng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko

### 7-10 araw bago ito

Kapag ipinapakita sa mga pagtataya ang posibilidad ng mga mapanganib na kondisyon, sinusubaybayan ng SDG&E ang panganib ng sunog atmga potensyal na epekto.

### 3-6 na araw bago ito

Pinapahusay ng SDG&E sa paraang naaayon ang mga pagtataya sa lagay ng panahon at posibilidad ng wildfire.

### 2 araw bago ito

Sisimulan ng SDG&E na abisuhan ang mga customer na maaaring maapektuhan ng posibleng Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko, kabilang ang mga kritikal na pasilidad at medikal na baseline na customer, pati ang mga ahensya ng pamahalaan ng Estado, County, at Lungsod.

### 1 araw bago ito

Ang SDG&E ay patuloy na sumusubaybay sa mga kondisyon ng lagay ng panahon, nakikipag-ugnayan sa mga apektadong komunidad at nakikipagkoordina sa mga first responder at pampublikong ahensya ng kaligtasan.

### Araw ng pagpatay ng kuryente

Ipinapaalam ng SDG&E sa mga apektadong komunidad, pati sa pamahalaan at pampublikong ahensya ng kaligtasan, na pinatay ang kuryente.

### Naibalik ang Kuryente

Kapag mabuti na ang mga kondisyon ng panahon, sisimulan na ng SDG&E na ibalik ang kuryente. Sisiyasatin ng mga field crew at sky patrol ang mga overhead na linya ng kuryente upang matiyak na hindi napinsala ng malalakas na hangin at ligtas na paganahin ang mga ito.

## Iskedyul ng Mga Abiso (kapag posible)

- ~48 Oras bago patayin ang kuryente
- ~24 na Oras bago patayin ang kuryente
- ~12 Oras bago patayin ang kuryente
- 1-4 na Oras bago patayin ang kuryente
- Kapag nagsimula ang Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko
- Kung may mga Community Resource Center na binuksan
- Kapag nagsimula na ang pagsisiyasat sa field
- Kapag naibalik na ang kuryente

Kung inaasahan naming mawawala ang kuryente sa loob ng mahabang panahon, maaari naming buksan ang mga Community Resource Center at/o Information Center sa mga apektadong lugar.

# ALAMIN KUNG SAAN PUPUNTA KAPAG MAY MAHABANG PAGKAWALA NG KURYENTE.

### Maaaring tumagal ang Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko hanggang sa wala nang banta ng sunog sa sitwasyon.

Maaari naming buksan ang alinman sa aming Community Resource Center sa mga apektadong lugar.

Ang mga pasilidad na ito ay nagsisilbing mga lokasyon kung saan maaaring pumunta ang mga apektadong residente upang makakuha ng mga materyales para sa paghahanda, yelo, tubig, meryenda, mga power inverter ng kotse, maliliit na solar-powered na baterya at radyo, at makakuha ng up-to-date na impormasyon sa mga pagkawala ng kuryente.




Para sa kumpletong listahan ng Community Resource Center, kabilang ang mga pangalan at address ng pasilidad, bisitahin ang **sdge.com/resource-centers**.

# MANATILING LIGTAS — KUMILOS.

Mag-isip nang mabuti. Huwag isapalaran ang iyong kaligtasan. Gumawa ng mga hakbang ngayon upang maghanda para sa anumang emergency.

## Bumuo ng planong pang-emergency

Tumukoy ng isang lugar kung saan magkikita ang pamilya, mga ligtas na ruta at masisilungan, pati na rin ng mga pagkilos na gagawin mo. Talakayin at sanayin ang plano kasama ng iyong pamilya, kabilang ang iyong mga anak.

## Maghanda ng isang emergency kit

Tiyaking nakahanda ang mahahalagang gamit. Tiyaking naglalaman ang iyong kit ng mga bagay na kailangan mo at ng iyong pamilya, kabilang ang para sa iyong mga alagang hayop, nakatatandang miyembro at mga miyembrong may kapansanan. Itago ang mga ito sa mga madaling mabitbit na lalagyan gaya ng mga backpack o plastic crate. Tingnan ang kalakip na checklist.

## I-download ang aming PSPS app na "Mga alerto ng SDG&E"

Manatiling may alam tungkol sa mga Pagpatay ng Kuryente para sa Kaligtasan ng Publiko (Public Safety Power Shutoffs, PSPS) bago, habang at pagkatapos isagawa ang mga ito. Bumisita sa **sdge.com/pspsapp** upang i-download ang app o matuto pa.

Anuman ang sitwasyon, gagawin namin ang lahat ng pagsisikap upang makipag-ugnayan sa iyo.

## I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan

Pumunta sa **sdge.com/MyAccount**. I-click ang "Pamahalaan ang Iyong Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan" at i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan, kabilang ang email address.

## Mag-sign up para sa mga abiso sa pagkawala ng kuryente

Manatiling nakasubaybay, para makatulong kami na mapanatili ang kaligtasan mo. Ang prosesong ito ay para rin sa PSPS, at hindi lamang sa wildfire. Magsimula sa pamamagitan ng pagtiyak na napapanahon ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan. Bisitahin ang **sdge.com/notifications**.

## Magsagot ng aming Survey sa Resiliency at makakuha ng mga tip

Bumuo kami ng maikling serye ng mga tanong para sa mga pinasadyang rekomendasyon para sa iyo at sa iyong mga mahal sa buhay. Kapag natapos na ang survey, maaari kang pumili ng isang organisasyong pangkomunidad na bibigyan ng SDG&E ng $20 na donasyon sa ngalan mo. Matuto pa sa **sdge.com/prepared**.

# MAGING HANDA — GUMAWA NG PANANGGANG ESPASYO

Bawasan ang posibilidad ng panganib sa iyong bahay sa pamamagitan ng pagbabago sa mga espasyong may halaman sa paligid nito upang masangga ang isang wildfire.

## SONA 1

May malawak na espasyo dapat sa bahaging malapit sa iyong bahay at dapat ay mga halamang mababa at naipapanangga sa apoy ang nakatanim sa mga ito gaya ng mga turfgrass, mga taniman ng gulay, flower bed o mga halamang inirerekomenda ng iyong lokal na nursery.

### 30–50 talampakan

Kinakailangan sa County ng San Diego ang 50 talampakang clearance sa Zone 1.

## SONA 2


Inirerekomenda sa mga zone na ito ang mga mababang halaman na sumusuporta sa pagsangga sa apoy at may mababang fuel volume. Makipag-usap sa isang grower tungkol sa kung aling mga halaman ang maaari para sa iyong pananggang espasyo.


### 100 talampakan

## SONA 3

Makipag-ugnayan sa mga ahensyang nangangasiwa sa kapaligiran bago baguhin ang mga likas na tanim na maaaring kabilangan ng mga endangered species at tirahan.

### Lampas 100 talampakan





Kinakailangan sa California ang 100 talampakan ng pananggang espasyo sa paligid ng iyong pag-aari.

Hindi nagalaw na halamanan

# NAKAKATULONG ANG MGA GRANT NA MAGBIGAY NG KALIGTASAN PARA SA KOMUNIDAD

Sa loob ng mahigit isang dekada, nagkaloob na ang kawanggawang inisyatiba sa pagbibigay na Safe San Diego ng SDG&E ng mga grant upang suportahan ang mga first responder, pagiging handa sa emergency, pananggang espasyo, at edukasyong pangkaligtasan mula sa wildfire sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng komunidad sa American Red Cross, 211 San Diego, 211 Orange County, San Diego Regional Fire Foundation, San Diego Fire Rescue Foundation, Burn Institute, Inter Tribal Long Term Recovery Foundation, mga Community Emergency Response Team (mga CERT), mga Tribal Emergency Response Team, Fire Safe Council, at iba pang non-profit na organisasyon. Matuto pa sa **sdge.com/safe**.

SDGE™ | & KALIGTASAN MULA SA WILDFIRE

Sundan kami sa:

P.O. Box 129831 | San Diego, CA 92112-9831 | 800-411-7343

©2021 San Diego Gas & Electric Company. Ang mga trademark ay pag-aari ng mga kaukulang may-ari ng mga ito. Nakalaan ang lahat ng karapatan. S2110025 1021